

MENSAHE PARA SA MGA MAGULANG AT MGA TAGAPAG-ALAGA

Mensahe para sa mga magulang at mga tagapag-alaga sa Metropolitan Melbourne at Mitchell Shire

Mahal naming mga magulang at tagapag-alaga,

Hindi lingid sa inyong kaalaman, ang Pamahalaang Victoria ay gumawa ng ilang makabuluhang mga pahayag na may kaugnayan sa mga kaayusan para sa mga paaralan sa Victoria para sa Term 3.

Batay sa payo mula sa Victorian Chief Health Officer, ang mga paaralan ng Pamahalaang Victoria sa Metropolitan Melbourne at Mitchell Shire ay magtatalaga ng partikular na mga kaayusan para sa Week 1 ng Term 3 gaya ng nakabalangkas sa ibaba. Ang mga paaralan pagkatapos ay lilipat sa malayuan at naiaangkop na pag-aaral para sa mga estudyante sa Prep hanggang Year 10 mula sa simula ng Week 2.

Napakahalagang tandaan na ang payo mula sa Victorian Chief Health Officer ay nagsasaad na maaaring patuloy na magbukas ang mga paaralan. Ang Victorian Chief Health Officer ay nagbigay rin ng payo tungkol sa mga hakbang sa kalusugan na dapat isagawa ng mga kawani at estudyante, at susundin natin ang mga ito.

Ang layunin ng mga binagong kaayusang ito ay upang mabawasan ang bilang ng mga estudyante na ito – at ang kanilang mga magulang at tagapag-alaga – na nagpupunta sa buong Metropolitan Melbourne at Mitchell Shire upang mabawasan ang pagkalat ng coronavirus (COVID-19).

Gayunman, mahalaga rin na ang harap-harapang pagtuturo ay pinananatili para sa ilang mga estudyante. Kabilang dito ang mga estudyante sa Year 11 at 12 (at Year 10 na mga estudyante na may VCE na pag-aaral o VCAL na kurso sa kanilang programa ng pag-aaral) dahil sa kahalagahang matulungan lahat ng mga estudyante upang maipagpatuloy o makumpleto ang kanilang sertipiko sa senior secondary, alinman sa VCE o VCAL.

Mahalaga na ang mga estudyante sa espesyalistang paaralan ay may ganap na access sa kadalubhasaan ng mga guro at suportang kawani sa mga paaralang iyon na may mga kaayusang harap-harapan. Kailangan din naming suportahan ang mga pamilya kung saan ang mga magulang at tagapag-alaga ay hindi makapagtrabaho mula sa bahay, at ang ibang mga tao na nangangailangan ng suporta na maibibigay ng probisyon sa mismong lugar (on-site).

Upang magbigay ng karagdagang paniniguro, ang aming paaralan, kasama ang lahat ng iba pang mga paaralang pampamahalaan sa Metropolitan Melbourne at Mitchell Shire, ay magsasagawa ng pagsusuri ng temperatura ng lahat ng mga estudyante sa simula ng araw. Kung ang iyong anak ay may lagnat, ikaw ay hihilingan na sunduin siya mula sa paaralan.

Ang bagong kaayusan ay nakasaad nang detalyado sa ibaba.

Lunes 13 hanggang Biyernes 17 Hulyo

Ang mga estudyante sa Year 11 at 12, mga estudyante sa Year 10 na mayroong VCE o VCAL na pag-aaral, at mga estudyante na naka-enrol sa espesyalistang paaralan, ay babalik sa paaralan sa Lunes 13 Hulyo.

Lunes 13 hanggang Biyernes 17 Hulyo ay mga araw na walang mga estudyante sa paaralan para sa mga estudyante sa Prep hanggang Year 10. Ang mga araw na walang mga estudyante ay makakatulong sa aming mga kawani na maghanda para sa paglipat sa malayuan at naiaangkop na pag-aaral mula sa Lunes 20 Hulyo.

Magbibigay kami ng programa sa pangangasiwa sa mismong lugar (on-site) para sa mga estudyanteng mangangailangan nito sa linggong ito. Ang programang ito ay magagamit ng mga estudyante na ang mga magulang/tagapag-alaga ay hindi makapagtrabaho mula sa bahay at walang ibang mga kaayusan para sa kanila at para sa mga estudyanteng mahihina.

Para makatulong sa aming pagpapalano, kung kailangan mo ang programang ito, kontakin lamang ang iyong paaralan.

Ang parehong mga kaayusan ay itatalaga sa mga paaralan sa Metropolitan Melbourne at Mitchell Shire.

Lunes 20 Hulyo at makaraan nito

Mula Lunes 20 Hulyo, ang aming paaralan ay lilipat sa malayuan at naiaangkop na pag-aaral. Ito ay para sa lahat ng mga estudyante maliban sa mga sumusunod:

- mga Year 11 at 12 na estudyante at Year 10 na estudyante para sa kanilang mga programang VCE o VCAL
- mga estudyante na naka-enrol sa mga espesyalistang paaralan

Ang sumusunod na mga estudyante ay maaaring pumasok sa paaralan para mapangasiwaan sa mismong lugar (on-site), ngunit sasailalim rin sa programa ng malayuang pag-aaral:

- mga anak ng mga magulang/tagapag-alaga na hindi makagawa ng angkop na mga kaayusan upang pangasiwaan ang mga bata sa bahay, kabilang ang mga anak ng mga guro sa mga pampamahalaang paaralan na inatasang bumalik sa trabaho sa mismong lugar
- mahihinang mga estudyante
- mga estudyanteng may kapansanan na pinipiling pumasok sa mismong lugar.

Susundin natin ang katulad na mga kaayusan na itinalaga namin para sa malayuan at naiaangkop na pag-aaral sa Term 2.

Ang Kagawaran ay may hanay ng mga pagpipilian para sa iyo upang patuloy na suportahan ang inyong mga estudyante sa kanilang pag-aaral, makukuha sa webiste ng *Learning from Home* (Pag-aaral mula sa Bahay) na [education.vic.gov.au/homelearning](https://www.education.vic.gov.au/homelearning).

Ang pinakabagong impormasyon tungkol sa coronavirus (COVID-19) at mga paaralan ay nasa website ng Department of Education and Training (Kagawaran ng Edukasyon at Pagsasanay) na [education.vic.gov.au/coronavirus](https://www.education.vic.gov.au/coronavirus)

Ang Victorian Chief Health officer ay nagkumpirma na ang paggamit ng mga face masks o mga pantaklob (coverings) ng mga adulto o mga bata ay hindi inirerekumenda sa mga paaralan sa panahong ito. Gaya ng dati, ang mga estudyante na nais magsuot ng mga face mask sa paaralan at sa papunta't pabalik mula sa paaralan ay maaaring gawin ito.

At, panghuli, isang paalala na kung ikaw, ang iyong anak, o isang miyembro ng pamilya ay magkaroon ng mga sintomas na lagnat, panginginginig o pamamawis, ubo, namamagang lalamunan, pangangapos ng hininga, tumutulong sipon, kawalan ng pang-amoy o panlasa, dapat kang magpasuri sa pasilidad ng pagsusuri sa coronavirus (COVID-19) at manatili sa bahay.

Napakahalaga nito upang panatilihin ligtas ag komunidad ng ating paaralan.

Kung nais mo ng impormasyong pangkalusugan mula sa Department of Health and Human Services (Kagawaran ng kalusugan at mga Serbisyong Pantao), maaari mong bisitahin ang dhhs.vic.gov.au/coronavirus